

**Makakatanggap ng bukod-tanging salapi (Special Cash Payment)
na pantulong sa pamumuhay ng lahat**

Sa mga nakakapagsalita at nakakaintindi ng wikang Hapon, mangyari lamang na magtanong nang direkta sa bawat tanggapan ng konsultasyon.

Sa mga kailangan ng interpreter dahil hindi nakakapagsalita at nakakaintindi ng wikang Hapon, mangyari lamang na magtanong sa tanggapan ng konsultasyon sa ibaba.

[Tanggapan ng Konsultasyon ukol sa Pamumuhay para sa mga Dayuhang Residente ng Hiroshima City]

Telepono 082-241-5010 Fax 082-242-7452

Email : soudan@pcf.city.hiroshima.jp

Oras ng Konsultasyon Lunes - Biyernes 9:00 am - 4:00 pm

(liban sa mga public holiday at Agosto 6)

Wika ng Pagtugon Chinese, Kastila, Portuguese, Vietnamese, Ingles

[Tanggapan ng Pangkalahatang Konsultasyon sa Iba't ibang Wika para sa mga Dayuhan ng Hiroshima Prefecture]

Telepono 0120-783-806 (Toll-free (Walang bayad sa pagtawag))

Oras ng Konsultasyon Lunes - Biyernes 8:30 am - 7:00 pm (liban sa mga

Sabado 9:30 am - 6:00 pm public holiday)

* Sarado mula 12:00 - 1:00 pm.

Wika ng Pagtugon Ingles, Chinese, Vietnamese, Korean, Tagalog, Portuguese, Indonesian, Thai, Kastila, Nepali

Makakatanggap ng bukod-tanging salapi (Special Cash Payment) na pantulong sa pamumuhay ng lahat

Malaki ang naging epekto sa pamumuhay ng lahat tulad ng pananatili sa bahay at iba pa, upang hindi kumalat ang sakit na dulot ng bagong coronavirus.

Upang makatulong sa pamumuhay ng lahat, makakatanggap ng bukod-tanging salapi mula sa pamahalaan.


- Sakop dito ang mga taong nakarehistro bilang residente sa petsang Abril 27, 2020.
- Makakatanggap ng 100,000 yen ang bawat 1 tao.
- Ang puno ng sambahayan (kinatawan ng sambahayan) ang tatanggap ng pinagsamang halaga ng salapi para sa lahat ng miyembro ng kanyang sambahayan.

Paraan ng Pag-apply

Upang hindi kumalat ang sakit na dulot ng bagong coronavirus, mangyari lamang na mag-apply sa mail o online.

(1) Pag-apply sa mail

Ipadadala sa lahat ang application form, return envelope at iba pang nasa sumusunod na [1] ~ [4], sa mail mula sa Hiroshima City (**Sisimulan ang pagpapadala mula Mayo 29 (Biyernes)**).



Sulatan ang [1] application form

Paraan ng pagsulat sa aplikasyon (Filipino)



[1] Application form


Susunod, gumawa ng photocopy ng [A] at [B]

[A] Bagay na pantiyak ng mismong tao (driver's license, My Number card (may litrato ng mukha), sertipiko ng health insurance, residence card, special permanent resident certificate at iba pa. Para sa passport, mangyari lamang na maghanda ng translation sa wikang Hapon.)

[B] Bagay na pantiyak ng account na padadalhan ng salapi (passbook o ATM card)



[5] Photocopy ng dokumento




[A] Bagay na pantiyak ng mismong tao



[B] Bagay na pantiyak ng account na padadalhan ng salapi

Mangyari lamang na magkasamang ilagay ang sinulatang [1] application form at [5] photocopy ng dokumento sa [4] return envelope, at ipadala sa Hiroshima City **nang hindi lalampas ng Agosto 28 (Biyernes)**. Hindi kailangan ng selyo (No postage necessary).



[1] Application form



[5] Photocopy ng dokumento



[4] Return envelope



(2) Pag-apply online (para sa taong may My Number card)

Maaaring mag-apply online ang mga taong may My Number card.

Mag-apply sa site na Myna Portal. Mangyari lamang na mag-apply **nang hindi lalampas ng Agosto 28 (Biyernes)**.

< Myna Portal Web >

<https://kyufukin.soumu.go.jp/ja-JP/apply/online.html><External link>

https://myna.go.jp/SCK0101_01_001/SCK0101_01_001_InitDiscsys.form<External link>

<Mapagtatanungan tungkol sa Paggamit ng Myna Portal>

Telepono 0120-950-178 (9:30 am - 6:30 pm, liban sa katapusan at simula ng taon)

Paraan ng Pagtanggap ng Salapi

Sa patakaran, ipapadala sa bank account ng taong nag-apply (kinatawan ng sambahayan).

Schedule (Plano)

Klasipikasyon	(1) Pag-apply sa mail	(2) Pag-apply online
Araw ng pagpapadala ng application form sa lahat	Mula Mayo 29 (Biyernes)	—
Araw na magsisimula ang pagtanggap ng application		Mula Mayo 13 (Miyerkules) 8:30 am
Araw na magsisimula ang	Mula Hunyo 12 (Biyernes) sa plano	Mula Mayo 22 (Biyernes)

pagpapadala ng salapi		
Huling araw na maaaring mag-apply	Agosto 28 (Biyernes) may postmark hanggang sa araw na ito	Agosto 28 (Biyernes) 24:00

Mapagtatanungan

Call Center para sa Special Cash Payment ng Hiroshima City

Telepono **0120-082-417 (Toll-free (Walang bayad sa pagtawag))**

(Oras: 8:30 am - 5:15 pm Lunes - Biyernes liban sa public holiday)

Kapag hindi makakonekta sa telepono, mangyari lamang na maghintay muna bago tumawag muli.

Proseso para sa mga Taong Tumatakas mula sa Karahasan ng Asawa (Husband or Wife)

Sa mga taong nakatira sa lugar na iba sa nakasulat sa resident record (*jūminhyō*) dahil tumatakas sa karahasan ng asawa (husband or wife), mangyari lamang na ipaalam sa tanggapan ng pamahalaan sa pook kung saan nakatira.

Kapag ginawa ang proseso, maaari ring tumanggap ng salapi ang taong nakatira sa lugar na iba sa nakasulat sa resident record (*jūminhyō*).

Gagawin ang prosesong ito mula Abril 24 hanggang Abril 30, 2020. Maaari pa ring gawin ang proseso pagkalipas ng Abril 30.

Para sa mga detalye, mangyari lamang na tumawag at magtanong sa city hall.

General Affairs Division, Hiroshima City

Telepono 082-504-2700

Mag-ingat upang hindi malinlang

Maaaring may taong magsisinungaling para manlinlang at makuha ang salapi ninyo.

Hindi itatanong ng pamahalaan o city hall ang numero ng inyong ATM card sa telepono.

Hindi rin hihingin ng pamahalaan o city hall na magpadala kayo ng salapi.

Kung hindi normal sa tingin ninyo, mangyari lamang na magkonsulta sa city hall o sa pulis.

Telepono para lamang sa pulis

#9110

Para sa mga nais malaman ang detalyadong nilalaman ng Special Cash Payment, mangyari lamang na tingnan ang paunawa (pamphlet) sa ibaba.

[Gabay sa Special Cash Payment \(Filipino\) Pilipino](#)<External link>

Pinagmulan: Website ng Ministry of Internal Affairs and Communications

<https://kyufukin.soumu.go.jp/ja-JP/index.html><External link>

<https://kyufukin.soumu.go.jp/ja-JP/download/><External link>

<Tanggapan ng Konsultasyon ng Pamahalaan>

Ministry of Internal Affairs and Communications Call Center (Oras: 9:00 am ~ 6:30 pm)

Telepono 0120-260020

Kapag hindi makakonekta sa telepono, mangyari lamang na maghintay muna bago tumawag muli.